# Unang Tibok ng Pusong Musmos

*mga tulang pambata*

*Nilalaman*

1. *Ibig Sabihin*
2. *Bukod, Bakod*
3. *Kasingkahulugan*
4. *Araw ng Kalayaan Ko!*
5. *Ano'ng Tawag?*
6. *Makahiya*
7. *Kapitbahay*
8. *Paglaya sa mga Kahon*
9. *Bungkos ng Susi*
10. *Si Malakas At Si Maganda*
11. *Ako ay May Gusto*
12. *Bata Muna Po Ako!*
13. *Sandali Lang Po!*
14. *Ibig Kong Sabihin*

# *Ibig Sabihin*

*Bakit ikaw ang ibig kong hinahanap*
*sa taguan?*

*Masaya akong matagpuan ka*
*sa sukal ng mga halaman!*

*Bakit ikaw ang ibig kong mataya*
*sa langit at lupa?*

*Masaya akong tanawin ka*
*sa parang pedestal na tuntungan!*

*Bakit ikaw ang ibig kong mataga*
*sa patintero?*

*Masaya akong abangan mo ang saglit*
*kong pagkawaglit sa pagtingin sa iyo!*

*Bakit ikaw ang ibig kong makapagpatumba*
*sa lata ng gatas sa tumbang-preso?*

*Masaya akong alam na alam mo*
*na ako ang humahabol sa iyo!*

*Bakit ikaw ang ibig kong unang lumulukso*
*sa luksong-tinik?*

*Masaya akong alam na alam mo*
*di ka mapapatid kapag ako ang taya!*

*Laro lang ang laro*
*pero may ibig sana akong sabihin sa iyo.*

*Bukod-tangi ang laro,*
*Bukod-tangi ka sa mga kalaro.*

*Makuha mo sana*
*ang ibig kong sabihin*

# *Bukod, Bakod*

*Walang bakod sa pagitan*
*ng ating mga bahay.*

*Magkapitbahay tayo*
*ngunit kapag magkaaway*
*ang ating mga nanay,*
*nagiging parang di tayo magkakilala.*

*Malalakas ang pagsara ng bintana*
*ng nanay mo.*
*Malalakas din ang pagsara ng pintuan*
*ng nanay ko.*

*Bawal akong pumunta sa inyo.*
*Bawal kang pumunta sa amin.*
*May biglang bakod sa pagitan*
*ng ating mga bahay na di-nakikita.*

*Ano pa ba ang puwede nating gawin*
*bukod sa paglalaro?*
*Bawal na bawal tayong maglapit at maglaro,*
*di-puwedeng makalimot sa mahigpit na bilin*
*ng magkaaway nating mga nanay.*

*Walang batian kahit parehong nasa bakuran.*
*Walang bigayan ng ulam kahit may handaan.*
*Maging tayo ay naging imbisibol na lang.*

*Problema natin ang ating mga nanay.*
*Dasal ko sa gabi, magkibuan na sana sila.*
*Magbatian na sana uli sila.*
*Magbigayan uli ng mga tanim nilang halaman.*

*Muli tayong maglalaro,*
*Muli kitang makakalaro.*
*Bukod-tangi uli ang ating saya!*

*Sino kaya ang puwedeng magsabi sa ating mga nanay*
*na sana'y ibukod nila tayo sa kanilang alitan?*
*Wala naman tayong kinalaman sa kanilang awayan!*

# *Kasingkahulugan*

*Maraming kasingkahulugan ang tuwa*
*kapag kasama kita.*

*Ito ay galak kapag kay ganda*
*ng iyong gayak.*

*Ito ay sayá kapag pinayagan*
*kang lumabas at makipaglaro sa amin.*

*Ito ay ligaya kapag pinili mo*
*akong maging kakampi o kabakas.*

*Maraming kasinghalugan ang lungkot*
*kapag magtatakipsilim na.*

*Ito ay lumbay kasi parang kay tagal-tagal*
*talagang dumating ng búkas.*

*Ito ay pighati kasi baka hindi ka na*
*payagang lumabas at makipaglaro sa amin.*

*Ito ay dalamhati na talaga kasi baka iba na*
*ang piliin mong kakampi búkas.*

*Pero may sinabi ka sa akin bago ka umuwi,*
*"Bukas uli ha?"*

*At naglabulabo na talaga ang mga kahulugan*
*ng mga salita, ng tuwa at ng lungkot!*

*Hinahanap ang kasingkahulugan*
*o kahit ang ibig sabihin*
*ng sinabi mo sa akin.*

# *Ibig Sabihin*

*Bakit ikaw ang ibig kong hinahanap*
*sa taguan?*

*Masaya akong matagpuan ka*
*sa sukal ng mga halaman!*

*Bakit ikaw ang ibig kong mataya*
*sa langit at lupa?*

*Masaya akong tanawin ka*
*sa parang pedestal na tuntungan!*

*Bakit ikaw ang ibig kong mataga*
*sa patintero?*

*Masaya akong abangan mo ang saglit*
*kong pagkawaglit sa pagtingin sa iyo!*

*Bakit ikaw ang ibig kong makapagpatumba*
*sa lata ng gatas sa tumbang-preso?*

*Masaya akong alam na alam mo*
*na ako ang humahabol sa iyo!*

*Bakit ikaw ang ibig kong unang lumulukso*
*sa luksong-tinik?*

*Masaya akong alam na alam mo*
*di ka mapapatid kapag ako ang taya!*

*Laro lang ang laro*
*pero may ibig sana akong sabihin sa iyo.*

*Bukod-tangi ang laro,*
*Bukod-tangi ka sa mga kalaro.*

*Makuha mo sana*
*ang ibig kong sabihin.*

# *Araw ng Kalayaan Ko*

*Ipinagdiwang ko ang araw ng kalayaan!*

*Mula sa mahabang buhok*
*Na kay tagal patuyuin matapos maligo,*
*(Di puwedeng matulog kung basâ pa ang buhok)*
*Na kailangan laging ipitan, ipusod, itirintas,*
*Lalo na kung sasakay sa dyip*
*Patungong Bayan.*

*Ipinagdiwang ko ang araw ng kalayaan!*

*Mula sa mahahabang bestida*
*Na kay kati-kating isuot,*
*Na kay hirap kumilos, tumalon, tumakbo*
*(Di puwedeng makita ng iba ang kulay ng panty)*
*Lalo na kung nakikipaglaro*
*Sa malawak na bakuran.*

*Ipinagdiwang ko ang araw ng kalayaan!*

*Mula sa lutu-lutuan, manyikang papel*
*Jack stone, at bahay-bahayan,*
*Na kay lungkot laruing mag-isa,*
*(Di puwedeng may mawalang piraso),*
*Nakapapagod ding magsalitang mag-isa*
*At lalong ligpitin ito nang walang kasama.*

*Ipinagdiwang ko ang mga araw ng kalayaan ko!*

*Nang bigyan ako ng laya*
*Na magpagupit ng gupit na gusto ko (gupit- laláki),*
*Na pumili ng damit na gusto ko (kamiseta, sando, at short),*
*Na subukin ang galing sa larong gusto ko (basketbol).*

*At ipinagdiwang ko ang araw ng kalayaan ko!*

*Buhat sa mga taguri, bansag, tawag at tukso.*
*Malaya ako sa mga sumbat, dikta,*
*Sa mga pangarap na di ko naman gusto.*
*Basta ang alam ko, damang-dama ko,*
*Ako ay*
*Bata,*

*Anak,*
*Kapatid,*
*Bunso,*
*Pamangkin,*
*Pinsan*
*Apo*
*Sa loob ng pamilya ko!*

# *Ano'ng Tawag?*

*Tumatalbog-talbog ang mga hamog sa damuhan*
*na natatapakan ng ating mga tsinelas,*
*kasama ang mga kalarong kababangon lang din sa higaan,*
*at hindi pa yata nagmumumog.*

*Kunwaring agahan natin ang mga pinitas na dahon*
*na ginayat ng matalas na patpat.*
*Inilagay sa lata ng gatas, tinubigan, at saka isinalang*
*sa tatlong bato na inayos para maging kalan.*

*Nasa bulsa ko ang kahon ng posporo,*
*at ikaw ang nagparikit sa mga tuyong siit.*
*At may kung anong nagningas din sa aking dibdib.*

*Sa latag ng sako habang ang mga kalaro natin*
*ay pumipitas ng mga ligaw na bulaklak at damo,*
*nabusog ang puso ko*
*sa kumukulong mga nilagang dahon sa lata.*

*At hindi ko alam kung anong ang nangyayari sa puso ko,*
*tumitiklop-tiklop na parang makahiya*
*kapag nasasaling mo ako ng iyong mga tingin.*

*Di ko alam kung ano'ng tawag doon,*
*sa kung ano'ng nangyayari sa akin,*
*di ko alam kung ano'ng puwedeng maibigay*
*na pangalan.*

*Ibinigay mo sa akin ang kahon ng posporo,*
*at narinig ko ang bilin ni Nanay,*
*parang binitbit ng nagdaang hangin,*
*"Huwag kang maglalaro ng apoy!*
*Huwag na huwag maglalaro sa kalan!"*

# *Makahiya*

*May bagong lipat sa tapat!*
*Sabi ni Nanay isang umaga.*
*Nakita ko,*
*Isa-isang ipinapasok*
*Sa inyong bahay*
*Ang mga kahon,*
*Bago at lumang kasangkapan.*
*Tuwing tumitingin ako sa bintana,*
*May tatlong taong pumapasok*
*At lumalabas sa inyong bahay.*
*Huli kitang nakitang nakasilip*
*Sa bintana.*
*Aba may bata!*

*Isang lapad ng kalsada*
*Ang nakapagitan sa atin.*
*Bigla akong nahiya*
*Nang mapansin mo ako.*
*Agad akong umalis sa bintana.*

*Pagkatapos ng maraming hapon,*
*Bigla kang dumating sa aming laruan.*
*Bigla uli akong nahiya.*
*Sumali ka sa habul-habulan, taya-tayaan.*
*Nang ako ang mataya,*
*Ikaw bigla ang gusto kong tayain.*

*Pero napatigil ka.*
*Napaupo sa lupa sa isang maliit na sakit!*
*Alam ko malayo iyan sa bituka!*
*Akala ko, maririnig ko na kung paano ka magsalita.*
*May natapakan ka palang makahiya.*
*Hindi mo alam kung anong damo itong natakapan mo.*

*Ipinakita ko ang mga makahiya sa iyo.*
*Namangha ka nang tumiklop ang maliiit na dahon*
*Sa saglit na pagsaling ng aking hintuturo.*
*'Ang ganda!' ang lumabas sa iyong bibig.*
*'May damdamin ba ang halaman na iyan?'*

*Di ko alam ang sagot sa tanong mo.*
*Naging bata kang talaga tulad ko!*

*Ngayon, hindi na karaniwan lang sa akin ang makahiya.*

*'Ang saya!'*
*'Ang saya-saya!'*
*Habang isa-isa mong sinasaling ang mga tangkay*
*ng bawat matagpuang makahiya.*

*Bigla na naman akong nahiya.*
*Wala akong pakpak*
*Pero parang tumitiklop ito*
*Habang sinasaling mo*
*Ang halamang may pandama.*

# *Kapitbahay*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag magkakampi tayo*
*sa larong patintero.*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag hinahanap kita sa taguan,*
*kapag ako ang taya*
*at pinipilit kitang matagpuan.*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag nag-uusap ang ating makukulay*
*na saranggola sa lawak ng kalangitan.*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag nakatawid ka sa mga guhit*
*ng patintero, kapag hinayaang kita*
*na makalaya sa mga kulungang-guhit.*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag naramdaman ko kung saan*
*ang iyong pinagtataguan.*

*Naging magkapitbahay tayo*
*kapag natagpuan at nataya kita!*

*Nalaman ko na lang na di tayo*
*magkapitbahay nang ilang araw kang*
*di-nagpakita sa ating mga laro.*

*Nalaman ko nang puntahan kong mag-isa*
*ang napakalayo ninyong bahay.*
*Lumipat na pala kayo ng bahay.*

*May kung anong namahay sa aking puso.*
*May kung anong kumapit sa aking gunita.*

*May natagpuan ako sa hungkag ninyong bahay*
*na di ko pa mapangalanan.*

# *Paglaya sa mga Kahon*

*Ikahon ang tamang laruan para sa mga laláki.*

a. *Robot*
b. *Kotse-kotsehan*
c. *Eroplano*
d. *Manyika*

*Ikahon ang tamang laruan para sa mga babae.*

a. *Lutu-lutuan*
b. *Manyikang papel*
c. *Jack Stone*
d. *Bahay-bahayan*

*Bakit may panlalaking laruan?*
*Bakit may pambabaeng laruan?*
*Bakit may tamang laruan para sa laláki at sa babae?*
*Ano ba ang tamang laruan para sa laláki at sa babae?*

*Babae ako sabi ni Nanay pero gusto kong maglaro ng:*

a. *Robot*
b. *Kotse-kotsehan*
c. *Eroplano*
d. *Baril-barilan*

*Kung minsan, gusto ko rin maglaro ng:*

a. *Lutu-lutuan*
b. *Manyikang papel*
c. *Jack Stones*
d. *Bahay-bahayan*

*Lalo na kung maganda ang kalaro ko.*
*Puwede naman ang dalawang babae sa bahay-bahayan.*

*Lagi na lang ikahon.*
*Lagi na lang dapat pumili ng gustong laruan.*
*Laruang panlalaki sa lalaki.*
*Laruang pambabae sa babae.*

*Di ba puwedeng laruan na lang muna lahat?*
*At di-makulong sa mga kahon?*
*Para sa lahat ng bata ang lahat ng laruan,*
*Laruang nagpapasaya ng lahat ng bata.*
*Laruang nagpapalaya!*

# *Bungkos ng Susi*

*Isang malaking laruan*
*ang aparador ni Nanay.*

*Alam ko kung saan nakasabit*
*ang bungkos ng susi.*
*Lihim ko itong binubuksan*
*lalo na kung naiiwan akong mag-isa.*

*Nasa aparador ang mga bestida*
*na isinusuot niya tuwing may okasyon*
*o tuwing kami'y nagsisimba.*
*Kailangan kong tumungtong sa bangkito*
*para mapili ang gusto kong maisuot.*

*Nakahilera na parang mga banderitas*
*ang makukulay na balabal:*
*may gumamela,*
*may paruparo,*
*may dahon,*
*may bahaghari.*

*Nakasabit ang mga kuwintas*
*na may iba't ibang palawit:*
*may bituin,*
*may buwan,*
*may perlas,*
*may locket na may larawan naming dalawa.*

*Nasa salaming kahon ang mga pares ng hikaw.*
*Sana'y naisusuot ko rin ito.*

*Isinuot ko ang bestida*
*na tinernuhan ng makulay na balabal*
*na ginawa kong bandana.*
*Pinili ko ang locket bilang palamuti.*

*At naglakad ako sa silid,*
*pabalik-balik, tahimik na tahimik,*
*malayang-malaya,*
*parang kay layo na ng aking nalakbay.*

*At biglang dumating si Nanay,*
*nakita niya ang kaniyang bestida,*
*balabal, at locket sa akin.*
*Lumiwanag ang kaniyang mukha!*

*At ibinilin niya sa akin,*
*ibalik ko lang lagi kung saan ko kinuha*
*ang bungkos ng susi.*

# *Si Malakas at Si Maganda*

*Noong unang panahon,*
*Sa isang liblib na kagubatan,*
*Nagpahinga ang isang ibon.*

*Dumapo-dapo siya sa isang malabay*
*Na sanga ng matandang puno.*

*Tanaw niya na nagsasayawan*
*Ang mga punong kawayan.*
*Naaliw siya, napawi ang pagod.*

*Sa pagkasiya sa nakita, lumapit pa siya,*
*At narinig ang malamyos*
*Na lawiswis ng mga kawayan.*

*Ngunit may isang kawayan na sintunado.*
*May kakaibang tunog siyang naririnig*
*Na nanggagaling sa loob nito.*

*Tinuka-tuka niya ang kawayan,*
*at nabiyak ito sa dalawa.*
*Laki gulat niya nang lumabas*
*Ang dalawang nilalang na iba sa kaniya.*

*Dahil may taglay na lakas ang laláki,*
*Pinangalanan niyang Malakas.*
*Dahil may taglay na ganda ang babae,*
*Pinangalanan niyang Maganda.*

*At di na nga naghiwalay pa*
*Si Malakas at si Maganda.*

*Sa bisig ni Malakas,*
*Nagbunga ang kalupaan.*

*Sa sinapupunan ni Maganda,*
*Nagbunga ang kalikasan.*

*Lihim na sumubaybay*
*Sa dalawa ang ibon.*

*Kinalinga sila ng malawak na kagubatan.*

*Naisip ng ibon,*
*Sana'y naging tulad din siya*
*Ni Malakas o ni Maganda.*
*Kahit na sino sa kanila*
*Basta tulad nila.*
*Malakas at maganda.*

*Nanaghili siya.*

*Pero naisip din niya.*
*Wala rin naman*
*Si Malakas at si Maganda*
*Kung hindi siya naakit*
*Sa nasasayawang kawalan,*
*Kung hindi siya naaliw*
*Sa lawiswis ng mga kawayan,*

*At kung hindi niya tinuka*
*Ang isang sintunadong kawayan*
*Na nagluwal kay Malakas at kay Maganda,*
*Walang malakas*
*At walang maganda.*

# *Ako ay May Gusto*

*Ako ay may isang gusto*
*Isang babae na tulad ko*
*Kapag ngumiti, singanda ng langit*
*Pero di ko na siya nakita*
*Lumipat na pala ng ibang bahay!*

*Sayang ang pagkagusto ko*
*Inialay sa isang babae na tulad ko*
*Inatupad ko lang sana ang paglalaro*
*Baka sumaya pa ako!*

*Ako ay may gusto*
*Isang babae na kalaro ko*
*Kapag ngumiti, limot ko na, oras ng uwi ko*
*Pero di ko na talaga siya nakita pa*
*Tiyak na may kalaro na siyang iba.*

*Paano na ang mga laro ng puso ko*
*Wala nang saysay ang mga laruan*
*Kahit ang bahay-bahayan.*
*May dumating pa sana*
*Na tulad na tulad niya.*

*Yayain ko siya sa maraming laro*
*Bubusugin ko siya ng maraming panalo*
*Kahit ako na ang laging taya o talo*
*Busog naman tiyak na tiyak*
*Ang puso ko!*

*Ako ay may isang gusto*
*Isang babae na tulad ko*
*Pero di ko na siya nakita,*
*Sa pangarap kong bahay-bahayan,*
*Di na muling nakasama pa.*

# *Bata Muna Po Ako!*

*Bata muna po ako,*
*Bago maging*
*Laláki,*
*Babae,*
*Tomboy,*
*Bakla.*

*At kung bata muna po ako,*
*Ito po ang mga kailangan ko:*
*Pag-aalagang walang humpay,*
*Pagmamahal na walang takda.*
*Puwede itong yakap ni Nanay o ni Tatay,*
*Puwede itong masarap na pagkain sa mesa,*
*Ligtas na tahanan,*
*Palaruan,*
*Librong mababasa.*

*Bata muna po ako,*
*Bago maging*
*Laláki,*
*Babae,*
*Tomboy,*
*Bakla.*

*At kung bata muna po ako,*
*Tao akong di pa talaga alam*
*Kung ano ang tama o mali.*
*Kung alin ang mas mabuti sa hindi.*
*Kaya ito po ang mga kailangan ko:*
*Pag-unawa kung may pagkakamali,*
*Pangaral nang magtanda,*
*Mga salitang di-nakasusugat,*
*At di-nanghahamak.*
*Mga salitang nagpapaganda*
*Ng pakiramdam at pagkatao.*

*At kung anuman sana maging*
*Ang bata nang di naman namin sinasadya,*
*Laláki,*
*Babae,*
*Tomboy,*
*O bakla,*

*Mahalin pa rin ninyo sana kami.*

*Pero ngayon, bata muna po ako.*
*Alam ko, minsan lang itong dadaanan*
*Sa buong buhay ko!*

# *Sandali Lang Po!*

*Sandali lang po ito!*

*Kayo muna ang makinig*
*Sa aming mga bata,*
*Kayong may gulang*
*At sapat na ang isip.*

*Sasandali kaming masaya,*
*Sasandali rin kung malungkot.*

*Sandaling makikinig*
*Pero agad ding makalilimot.*

*Sandaling mangangako,*
*"Di na po!"*

*Sandaling-sandaling tatahimik*
*Pero muli na namang makalilimot,*
*"Hinding-hindi na po!"*

*Sandali lang po ito!*

*Kayo muna ang mamulat*
*Sa aming mga bata,*
*Kayong may gulang na*
*At sapat na ang pag-unawa.*

*Sasandaling maglikot,*
*May bumabagsak at nababasag!*

*Sasandaling matakot,*
*May gumuguhong salansan ng unan!*

*Sasandaling maiwan,*
*May bumabahang luha sa bahay!*

*May isip kami ng bata*
*Kasi nga bata bata pa kami.*

*Sandaling lang po ito*
*Kaya konting tiyaga lang po.*

*Gugulang din kami,*
*Magiging sapat ang isip.*
*Tutungo rin kami*
*Sa pagiging matanda!*

*Itong aming pagiging bata,*
*Sandaling-sandaling lang din talaga!*

# Ibig Kong Sabihin

*Ang ibig kong sabihin sa pag-ibig*
*ay iyon bang pakiramdam na di ka isasama*
*ng iyong nanay sa Bayan, mamimili*
*lang naman siya ng inyong pagkain*
*at ang problema niya, baka magturo ka pa.*

*Ang ibig kong sabihin sa pag-ibig*
*ay iyon bang pagpupumilit na ikaw ay isama*
*ng iyong nanay sa Bayan, nangangako*
*kang di ka magtuturo, na bibilisan mo ang lakad*
*at magbibitbit ng isdang nasa plastik.*

*Ang ibig kong sabihin sa pag-ibig*
*ay iyon bang pagpalahaw mo ng iyak*
*habang sumasakay ang iyong nanay sa dyip,*
*parang kay layo ng kanyang pupuntahan*
*at pakiramdam mo, parang di na siya babalik.*

*Ang ibig kong sabihin sa pag-ibig*
*ay iyon bang tuwa kapag marinig mo ang dyip*
*na huminto sa harapan ng inyong bahay,*
*matatanaw mo ang iyong nanay*
*na di-magkandadala sa dami ng bitbbit.*

*Kakaripas ka nang takbo, kukunin*
*mo sa kanya ang kaya mong mabitbit,*
*kay dami mong tanong ukol sa Bayan,*
*kung nakakita ba ang iyong nanay*
*ng yaring saranggola o ng mayang kulay pula.*

*Wala ni isa mang itinutugon iyong nanay*
*habang isa-isa inaalis sa mga plastik*
*ang mga pinamiling gulay at de-lata,*
*habang isinasallin sa mga lalagyan*
*ang bigas, mantika, asukal at kape.*

*At sa isang hiwalay sa plastik,*
*inilabas niya ang isang nakabalot sa diyaryo.*
*Aba isang ibong gawa sa lata pala*
*na kumakampay ang mga pakpak*
*kapag pinagulong ang mga paang bilog!*

*Nasopresa kang talaga!*
*Iyon, iyong pakiramdam na iyon,*
*ang ibig kong sabihin sa pag-ibig!*